Advance Care Planning Australia

BE OPEN | BE READY | BE HEARD

FOR CARE WORKERS

PARA SA MGA EMPLEYADONG NANGANGALAGA

TAGALOG | TAGALOG

What is advance care planning?

Advance care planning allows health professionals and direct care workers in aged care to understand and respect a person's preferences, if the person ever becomes seriously ill and unable to communicate for themselves.

Ideally, advance care planning will result in a written Advance Care Plan, to help ensure the person's preferences are respected.

Advance care planning is only called upon if the person loses the ability to make or express their wishes.

Benefits of advance care planning

Advance care planning benefits the person, their family, carers (paid and unpaid), health professionals and associated organisations.

- It helps to ensure people receive care that is consistent with their beliefs, values, and preferences.
- It improves end-of-life care, and person and family satisfaction with care (1).
- Families of people who have done advance care planning experience less anxiety, depression, stress and are more satisfied with care received (1).

MAKING HEALTHCARE DECISIONS FOR OTHERS CAN BE DIFFICULT. AN ADVANCE CARE PLAN CAN GIVE PEACE OF MIND AND COMFORT AS PREFERENCES ARE CLEAR, UNDERSTOOD AND RESPECTED.

Who should be involved in advance care planning?

Advance care planning requires a team effort. It should involve:

- the person who is considering their future health and personal care preferences
- their close family and friends
- their substitute decision-maker(s)
- carers
- aged care workers, nurses, doctors and other healthcare professionals.

Organisations can also support the process by having good policies and guidelines and by making current information available.

Ano ang maagang pagplano ng pangangalaga?

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay nagpapahintulot sa mga pangkalusugang propesyonal at mga empleyadong direktang nangangalaga sa pasilidad para sa matatanda upang maunawaan at igalang ang mga mas ninanais ng isang tao, kung maging malubha na ang kanyang karamdaman at hindi na niya makayanang magsalita para sa sarili.

Pinakamainam na ang maagang pagplano ng pangangalaga ay hahantong sa isang nakasulat na Maagang Plano ng Pangangalaga, upang tiyakin na ang mga mas ninanais ng isang tao ay igagalang.

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay gagamitin lamang kung ang tao ay mawawalan ng kakayahang gumawa o magsabi ng kanilang mga ninanais.

Mga benepisyo ng maagang pagplano ng pangangalaga

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay may benepisyo para sa tao, kanilang pamilya, mga tagapag-alaga (may bayad at walang bayad), mga pangkalusugang propesyonal at kaugnay na mga samahan.

- Ito ay tumutulong sa mga tao na makatanggap ng pangangalagang naaayon sa kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan, at mga mas ninanais.
- Ito ay nagpapabuti ng pangangalaga sa huling yugto ng buhay, at ng kasiyahan ng tao at ng pamilya sa pangangalaga (1).
- Ang mga pamilya ng mga taong gumawa ng maagang pagplano ng pangangalaga ay walang gaanong pagkabahala, kalungkutan, pag-aalala at mas nasisiyahan sa pangangalagang natatanggap (1).

ANG PAGGAWA NG MGA DESISYON SA PANGKALUSUGANG PANGANGALAGA PARA SA IBA AY MAAARING MAGING MAHIRAP. ANG ISANG MAAGANG PLANO NG PANGANGALAGA AY MAKAPAGBIBIGAY NG KAPAYAPAAN NG KAISIPAN AT KAGINHAWAHAN DAHIL ANG MGA MAS NINANAIS AY MALINAW, NAUUNAWAAN AT IGINAGALANG.

Sino ang dapat kasali sa maagang pagplano ng pangangalaga?

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay nangangailangan ng pagsisikap ng buong pangkat. Dapat kasali dito:

- ang tao na pinag-iisipan ang kanyang mas ninanais tungkol sa pangkalusugan at personal na pangangalaga
- ang kanyang malalapit na kapamilya at mga kaibigan
- ang kanyang (mga) kahaliling tagagawa ng desisyon
- ang mga tagapag-alaga
- ang mga empleyadong nangangalaga ng matatanda, nars, doktor at iba pang pangkalusugang propesyonal.

Ang mga samahan ay makakasuporta rin sa proseso sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabubuting patakaran at gabay at sa pagkakaroon ng mga nasasapanahong impormasyon.

Austin Health

Advance Care Planning Australia

BE OPEN | BE READY | BE HEARD

When should advance care planning be introduced?

Advance care planning can be a routine conversation when caring for an older person. It is important to also encourage conversations with their family/carers and care team.

Better outcomes are experienced when advance care planning is introduced early, as part of ongoing care, rather than in reaction to a crisis situation.

Where possible, people should be medically stable, comfortable and ideally accompanied by their substitute decision-maker(s) and/or family/carer.

Other triggers to discuss advance care planning include when:

- the person raises concerns
- the family raises concerns
- there is a change in the person's health or capability
- there is a change in their living situation (e.g. when they move into a residential aged care home).

How can aged care workers help with advance care planning?

Be open

- Find out more about advance care planning and the requirements of your organisation in your state/territory.
- Be open to engage with people who want to discuss their beliefs, values and preferences regarding their current and future health and personal care.
- Explain why they may like to select and prepare a substitute decision-maker(s).

  Substitute decision-maker(s) will need to be:

  - available (ideally live in the same city or region) or readily contactable
  - over the age of 18
  - prepared to advocate clearly and confidently on the person's behalf when talking to doctors, other health professionals and family members if needed.

Kailan dapat ibahagi ang maagang pagplano ng pangangalaga?

Ang maagang pagplano ng pangangalaga ay maaaring gawing isang karaniwang usapan kapag nangangalaga sa isang nakatatanda. Mahalaga na himukin din ang usapan sa kanilang mga kapamilya/tagapag-alaga at pangkat sa pangangalaga.

Mas maiinam na resulta ang mararanasan kapag ang maagang pagplano ng pangangalaga ay maagang naumpisahan, bilang bahagi ng tuluy-tuloy na pangangalaga, imbes na reaksiyon lamang sa isang krisis na sitwasyon.

Hangga't maaari, ang mga tao ay dapat may mabuti-buting kalagayang medikal, maginhawa at pinakamainam na sinamahan ng kanilang (mga) kahaliling tagagawa ng desisyon at/o ng kapamilya/tagapag-alaga.

Ang iba pang panghikayat upang pag-usapan ang maagang pagplano ng pangangalaga ay kapag:

- ang tao ay nagsasabi ng mga alalahanin
- ang pamilya ay nagsasabi ng mga alalahanin
- may pagbabago sa kalusugan o kakayahan ng tao
- may pagbabago sa kanilang pamumuhay (hal. kapag sila ay lumipat sa isang pasilidad para sa pangangalaga ng mga matatanda).

Paano makatutulong sa maagang pagplano ng pangangalaga ang mga empleyadong nangangalaga ng mga matatanda?

Maging matapat

- Alamin ang higit pa tungkol sa maagang pagplano ng pangangalaga at ang mga kinakailangan ng inyong samahan sa inyong estado/teritoryo.
- Maging matapat sa pakikipag-usap sa mga tao na gustong talakayin ang kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan at mas ninanais tungkol sa kanilang pangkalusugan at personal na pangangalaga sa kasalukuyan at sa hinaharap.
- Ipaliwanag kung bakit maaaring gustuhin nila na pumili at maghanda ng (mga) kahaliling tagagawa ng desisyon.

  Ang (mga) kahaliling tagagawa ng desisyon ay kailangang:

  - may panahon (ang pinakamainam ay nakatira sa mismo ring siyudad o rehiyon) o madaling makontak
  - mahigit sa 18 taong gulang
  - handang magtaguyod nang malinaw at matiwala para sa tao kapag nakikipag-usap sa mga doktor, iba pang pangkalusugang propesyonal at miyembro ng pamilya kung kinakailangan.

Austin Health

Advance Care Planning Australia

BE OPEN | BE READY | BE HEARD

Be ready

- Undertake training in advance care planning to improve your knowledge and skills.
- Talk with your clients about their beliefs, values, and preferences regarding health and personal care outcomes.

Be heard

- Discuss with care team, family and/or carers.
- Encourage your clients to write an Advance Care Plan or use a form relevant to their state/territory law. See advancecareplanning.org.au
- Encourage your clients to keep the Advance Care Plan safe, and store it appropriately (see below).
- Encourage them to review their Advance Care Plan every year or if there is a change in their health or personal situation.

The law and advance care planning

Different states and territories in Australia have different laws regarding advance care planning. There are also some common law decisions regarding advance care planning. See advancecareplanning.org.au for information.

Depending on the state/territory:

- a substitute decision-maker may be legally appointed as an 'agent', 'guardian', 'enduring guardian' or 'enduring power of attorney'
- an Advance Care Plan may also be called an 'advance care directive' or an 'advance health directive'

Maging handa

- Sumailalim sa isang pagsasanay sa maagang pagplano ng pangangalaga upang pag-ibayuhin ang inyong kaalaman at mga kasanayan.
- Makipag-usap sa inyong mga kliyente tungkol sa kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan, at mas ninanais tungkol sa mga kahihinatnan ng mga pangkalusugan at personal na pangangalaga.

Mapakinggan

- Makipag-usap sa pangkat sa pangangalaga, pamilya at/o mga tagapag-alaga.
- Himukin ang inyong mga kliyente na sumulat ng isang Maagang Plano ng Pangangalaga o gumamit ng pormularyong nauugnay sa batas ng kanilang estado/teritoryo. Tingnan ang advancecareplanning.org.au
- Himukin ang inyong mga kliyente na panatilihing ligtas ang Maagang Plano ng Pangangalaga, at itabi ito nang naaayon (tingnan sa ibaba).
- Himukin sila na repasuhin ang kanilang Maagang Plano ng Pangangalaga taun-taon o kung may pagbabago sa kanilang kalusugan o personal na sitwasyon.

Ang batas at maagang pagplano ng pangangalaga

Ang ibat ibang estado at teritoryo sa Australya ay may ibat ibang batas tungkol sa maagang pagplano ng pangangalaga. Mayroon ding ilang desisyon ayon sa panlahat na batas tungkol sa maagang pagplano ng pangangalaga. Tingnan ang advancecareplanning.org.au para sa impormasyon.

Depende sa estado/teritoryo:

- ang isang kahaliling tagagawa ng desisyon ay maaaring hirangin nang ayon sa batas bilang isang 'kinatawan', 'guardian', 'pangmatagalang guardian', o 'pangmatagalang kapangyarihan ng abogado'
- ang Maagang Plano ng Pangangalaga ay maaari ding tawaging 'maagang pag-aatas para sa pangangalaga' o 'maagang pag-aatas para sa kalusugan'

Austin Health

Advance Care Planning Australia

BE OPEN | BE READY | BE HEARD

Where should Advance Care Plans be kept?

Advance Care Plans may be stored at one or many of the following:

- at home with the person
- with the substitute decision-maker(s)
- the GP/local doctor/specialist
- with aged care service provider records
- the hospital
- encourage and help clients to store them on their 'My Health Record' - myhealthrecord.gov.au
- myagedcare.gov.au

Do you have questions about advance care planning and would prefer to speak in a language other than English?

You can receive help from an interpreter for the cost of a local call (except from mobiles) by simply following these steps:

1. Call 13 14 50, Monday to Friday 9.00-5.00pm.
2. Say the language you need.
3. Wait on the line for an interpreter (may take up to 3 minutes).
4. Ask the interpreter to contact Advance Care Planning Australia on 1300 208 582.
5. Talk with our staff or volunteer with the help of an interpreter.

Where can I get more information?

Advance Care Planning Australia:

WWW.ADVANCECAREPLANNING.ORG.AU

NATIONAL ADVISORY HELPLINE: 1300 208 582

Reference

(1) Detering, KM, Hancock, AD, Reade, MC, Silvester, W 2010, 'The impact of advance care planning on end of life care in elderly patients: randomised controlled trial', British Medical Journal, 340: c1345.doi:10.1136.

VERSION 3: APR 2017

This publication only provides a general summary of the subject matter covered. People should seek professional advice about their specific circumstances. ACPA is not liable for any errors or omission in this publication.

Saan dapat itabi ang mga Maagang Plano ng Pangangalaga?

Ang mga Maagang Plano ng Pangangalaga ay dapat itabi sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

- sa bahay ng tao
- sa (mga) kahaliling tagagawa ng desisyon
- sa GP/lokal na doktor/espesyalista
- sa mga talaan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang serbisyo para sa mga matatanda
- sa ospital
- himukin at tulungan ang mga kliyente na itabi ang mga ito sa kanilang 'My Health Record' (Ang Aking Talaang Pangkalusugan) – myhealthrecord.gov.au
- myagedcare.gov.au

May mga tanong ka ba tungkol sa maagang pagplano ng pangangalaga at mas gusto mong gumamit ng ibang wika kaysa sa Ingles?

Makatatanggap ka ng tulong ng isang interpreter sa halaga ng isang lokal na tawag (maliban kung mula sa mga mobile) sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na ito:

1. Tumawag sa 13 14 50, Lunes hanggang Biyernes 9.00nu-5.00nh.
2. Sabihin ang wika na kailangan mo.
3. Maghintay sa linya para sa isang interpreter (maaari itong abutin nang 3 minuto).
4. Hilingin sa interpreter na tawagan ang Advance Care Planning Australia sa 1300 208 582.
5. Makipag-usap sa aming kawani o boluntaryo sa tulong ng interpreter.

Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon?

Advance Care Planning Australia:

WWW.ADVANCECAREPLANNING.ORG.AU

NATIONAL ADVISORY HELPLINE (TULONG SA TELEPONO NG PAMBANSANG TAGAPAYO): 1300 208 582

Sanggunian

(1) Detering, KM, Hancock, AD, Reade, MC, Silvester, W 2010, 'The impact of advance care planning on end of life care in elderly patients: randomised controlled trial', British Medical Journal, 340: c1345.doi:10.1136.

BERSYON 3: ABR 2017

Ang lathalaing ito ay nagbibigay lamang ng isang pangkalahatang buod ng tinalakay na paksa. Ang mga tao ay dapat humingi ng propesyonal na payo tungkol sa kanilang mga natatanging sitwasyon. Ang ACPA ay hindi mananagot sa anumang mga pagkakamali o nakaligtaan sa lathalaing ito.

Austin Health